# Sitwasyon 2: Claire—Magiging sapat ba ang mga pagsisikap ko upang magawa ang ipinagagawa sa akin ng Panginoon? (Juan 6:5–14)

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Nang makita ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo na lumalapit ang maraming tao, nangamba ang mga disipulo na wala silang sapat na pagkain para pakainin ang lahat.

Pag-aralan ang salaysay tungkol sa pagpapakain ni Jesus sa 5,000 tao sa Juan 6:5–14, at hanapin at markahan ang katibayan ng alituntuning ito: **kapag ibinigay natin sa Tagapagligtas ang lahat ng mayroon tayo, gagawin Niyang mas epektibo ang ating mga pagsisikap upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin**.

- Ano ang nakita mo sa mga talatang ito na sumusuporta sa alituntuning ito?
- Sa iyong palagay, ano ang nadama ng mga disipulo o ng batang lalaki tungkol sa kaya nilang ibigay kung ikukumpara sa kung ano ang kailangan?

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Sister Michelle D. Craig, Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency:



Nadama na ba ninyo na hindi sapat ang mga talento at kaloob ninyo para magawa ang isang gawain? Nadama ko na iyan. Ngunit maibibigay natin kay Cristo kung ano ang mayroon tayo, at gagawin Niyang mas epektibo ang ating mga pagsisikap. Sapat na ang maibibigay ninyo—kahit na may mga kamalian at kahinaan kayo—*kung* aasa kayo sa biyaya ng Diyos. (Michelle D. Craig, "Hindi Pagiging Kuntento sa Ating Espirituwalidad," *Liahona*, Nob. 2018, 54)

- Ano ang iba't ibang paraan na magagawa natin upang "[ma]ibigay natin kay Cristo kung ano ang mayroon tayo"?
- Ano ang natutuhan mo mula sa salaysay na ito tungkol sa pagpapakain ni Jesus sa 5,000 tao na makatutulong sa isang taong nag-aalala na hindi magiging sapat ang maibibigay niya?

Habang naghahanda kang ibahagi ang natutuhan mo, mag-isip ng mga halimbawa mula sa iyong buhay o sa buhay ng iba kung saan nakita mong ginawang mas mabisa ng Tagapagligtas ang pagsisikap ng isang tao upang maisakatuparan ang Kanyang gawain.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Scenario 2: Claire*. Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.